# HINAHANAP NG CALIFORNIA STATE ATHLETIC COMMISSION ANG MGA CLAIMANT NG PENSIYON NG MGA BOKSINGERO

## HINIKAYAT ANG MGA DATING BOKSINGERO NA TINGNAN KUNG MAYROON SILANG NAKAABANG NA PENSIYONG MAKUKUHA

**Ni Peter Fournier**
Kawani ng Consumer Connection

Pinamamahalaan ng California State Athletic Commission (CSAC) ang nag-iisang pondong pampensiyon para sa mga boksingero sa Estados Unidos, na naglalaan ng isang-beses na pagbayad sa mga dating boksingero na lumaban sa California at nakatutugon sa mga kinakailangan para sa California Professional Boxer's Pension Fund.

Ginawa ng batas ng California ang pensiyon noong 1982 upang makatulong sa paglalaan ng mga pondo para sa mga boksingero sa kanilang pagtanda. Sa kasalukuyan, ang kabuuang pondo ay higit $4.6 na milyon. Mula pa noong 1999, higit sa $4 na milyon ang naipamahagi sa mga dating boksingero sa pamamagitan ng planong pampensiyon. Sa kabila ng malaking pagbaba ng kita ng Komisyon noong panahon ng pandemya ng COVID-19, nanatiling priyoridad ang mga pamamahagi ng pensiyon na halos $400,000 na ang naibayad noong 2022 pa lamang.

"Nagsikap ang California na maging lider sa industriya ng larong labanan" sabi ni CSAC Executive Officer Andy Foster. "Bagaman kaya naming mas pahusayin ang aming ginagawa, ipinagmamalaki namin na kami ang unang komisyon sa bansa na gumawa ng hakbang na ito para sa mga fighter na inialay ang kanilang buhay sa pagsabak sa ring."

Sinisikap ng CSAC na matiyak na makukuha ng bawat karapat-dapat na dating boksingero o ng kanilang benepisyaryo ang pensiyon na kanilang kinita.



**PAANO MAGING KWALIPIKADO ANG MGA BOKSINGERO**
Ang mga boksingerong lumaban sa California ay maaaring kuwalipikado na makatanggap ng pensiyon kung:

- Sila ay 50 taong gulang pataas.
- Nakipaglaban nang hindi bababa sa 10 round sa isang taon sa loob ng apat na taon sa California at na may hindi hihigit sa tatlong taong pagpapahinga.
- Nakipaglaban nang hindi bababa sa 75 naka-iskedyul na mga propesyonal na round sa California at na may hindi hihigit sa tatlong taong pagpapahinga.

**KAILAN MAAARING MAKUHA ANG MGA PONDONG PAMPENSIYON**

- Kapag umabot sa edad na 50 ang isang boksingero.
- Kung hiniling ng benepisyaryo ang pondong pampensiyon ng isang boksingerong namatay bago umabot sa edad na 50.
- Namatay ang dating boksingero at kukunin ng benepisyaryo ang pondong pampensiyon.
- Nagretiro sa pagboboksing ang isang boksingero at nais gawing pondong pang-edukasyon ang mga pondong pampensiyon paglampas sa edad na 36.

Ang mga dating boksingero na sumabak sa mga labang pinahintulutan ng CSAC at nakasusunod sa mga kinakailangang kwalipikasyon ay dapat pumunta sa website ng CSAC upang makita kung mayroon silang nakaabang na pensiyong makukuha. Makikita ang webpage ng planong pampensiyon ng CSAC para sa mga boksingero na may listahan ng mga claimant sa **www.dca.ca.gov/boxerspension**. Ang mga boksingero na ang pangalan ay kasama sa listahan ng mga claimant ay makakakita ng karagdagang mga tagubilin at form sa CSAC website o maaaring makipag-ugnayan sa CSAC sa pamamagitan ng pag-email sa **csac@ dca.ca.gov** o tumawag sa (916) 263-2195. Ang mga dating boksingero na naniniwalang sila ay karapat-dapat ngunit wala ang pangalan sa listahan ay dapat makipag-ugnayan sa CSAC.

"Walang hanggan ang aming pasasalamat sa sinumang lisensyadong boksingero na sumabak sa ring hindi lamang upang makipaglaban para sa kanilang sariling tagumpay ngunit para aliwin ang mga taga-California sa loob ng maraming taon. Kung may obligasyong bayarin sa tao na kailangang tuparin, hangga't maaari nais naming hanapin ang mga fighter na ito," sabi ni Foster. "Gusto naming maging makaturangan sa lahat."

**Ang Assembly Bill 1136** (Haney, 2023) na pinirmahan ni Gobernador Gavin Newsom nitong Oktubre 2023, ay nagtaguyod ng unang pondong benepisyo para sa pagreretiro sa buong mundo para sa mga mixed martial artists (MMA) na lumalaban sa mga kaganapan sa California. Simula noong 2024, ang mga MMA fighter na lumaban sa hindi bababa sa 39 na naka-iskedyul na round sa professional mixed martial art contest na inaprubahan ng CSAC at isinagawa sa estado ay may karapatan sa pamamahagi ng pondo kapag umabot sila sa hindi bababa sa 50 taong gulang, na may mga pagbubukod. Katulad ng pondo sa boxing, ang pondo ng MMA ay hindi makakatanggap ng Pangkalahatang Pondo na pera.

"Malaki ang naging pagsulong ng mga promosyon ng MMA sa nakalipas na tatlong dekada, at ang mga fighter/licensee na lumaban dito ay nararapat ding makatanggap ng kabayaran kapag nag-retiro," sabi ni Foster.

Para sa higit pang impormasyon—kabilang ang mga tagubilin sa pag-apply para sa pensiyon sa boksing at mga distribution request form para sa mga dating boksingero—puntahan ang **www.dca.ca.gov/csac**.